


Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 5: Mga Salik na Nakakaapekto sa Pagkonsumo



**Araling Panlipunan – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 5: Mga Salik na Nakakaapekto sa Pagkonsumo
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Mohamar D. Rindo, Juvey R. Mustapha
Editor:	Alma L. Carbonilla, Nelson S. Lasagas
Tagasuri:	Diosdado E. Epanto, Jr., Ramel P. Cael
Tagaguhit:	Al R. Pastor, Katherine S. Suarin
Tagalapat:	Earl B. Neri, Kimberly Cler G. Suarez
Tagapamahala:	
	Isabelita M. Borres
	Eugenio B. Penales
	Sonia D. Gonzales
	Majarani M. Jacinto
	Juliet A. Magallanes
	Florencio R. Caballero
	Alma D. Belarmino

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 5:

Mga Salik na Nakakaapekto sa

Pagkonsumo

Mohamar D. Rindo and Juvey R. Mustapha

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sap ag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa ihihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang Makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat Gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sap ag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kani na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pamantayang Pangnilalaman	Pamantayan sa Pagganap
Naipamamalas ng mag-aaral ang pagunawa sa mga pangunahing konsepto ng Ekonomiks bilang batayan ng matalino at maunlad na pang-araw-araw na pamumuhay.	Naisasabuhay ang pag-unawa sa mga pangunahing konsepto ng Ekonomiks bilang batayan ng matalino at maunlad na pang-araw-araw na pamumuhay.

Mga Nilalaman (Paksa/Aralin)

1. Mga Salik na Nakakaapekto sa Pagkonsumo

Mga Pamantayan sa Pagkatuto


Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahan na ang mga mag-aaral ay:

1. Nasusuri ang mga salik na nakakaapekto sa pagkonsumo. (AP9MKE-Ih-18)

Sa nakaraang aralin, natutunan mo ang tungkol sa mga salik ng produksiyon at ang implikasyon nito sa pang-araw-araw na pamumuhay. Sinuri mo ang mga salik ng produksiyon gaya ng paggawa, kapital, at *entrepreneurship*.

Sa modyul na ito ay mapag-aaralan ang tungkol naman sa mga salik na nakakaapekto sa pagkonsumo ng tao at ang halimbawa ng mga salik na ito.

Ang kakayahang kumonsumo ng tao ay nakabatay sa salapi na maaari nitong gastusin. Ang salapi namang maaaring iimpok ay nakabatay kung magkano ang matitirang salapi matapos ibawas ang salaping ginamit sa pagkonsumo. Mauunawaan sa araling ito ang mga salik ng pagkonsumo na kinabibilangan ng pagbabago sa presyo, kita, mga inaaasahan, pagkakautang, at *demonstration effect*.



Subukin

Panimulang Gawain: Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang tamang titik na tumutukoy sa tumpak na kasagutan. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

1. Bakit nagkakaiba ang paraan at dahilan ng pagkonsumo?
 - A. maraming kalagayan ang isinasaalang-alang
 - B. magkakaiba ang katangian ng mga nakakaapekto dito
 - C. magkakaiba ang pangangailangan ng tao
 - D. hindi tiyak an gang pangyayari sa lipunan
2. Sa anong salik ng pagkonsumo nakakaapekto ang mga kalamidad?
demonstration effect
 - A. kita
 - B. mga inaasahan
 - C. pagkakautang
3. Alin sa mga sumusunod ang nagsasaad na ang tao ay hindi naapektuhan ng
demonstration effect?
 - A. hindi sumusunod sa uso
 - B. nahuhumaling sa suot ng mga artista
 - C. binibili ang mga napapanahong gamit
 - D. suportado ang mga ini-endorso nga paboritong artista
4. Bakit nakakaapekto ang pagkakaroon ng utang sa pagkonsumo ng tao?
 - A. lumulubo ang kanyang utang kapag hindi nababayaran
 - B. tumataas ang kanyang kakayahang makabili ng produkto
 - C. nababawasan ang kanyang kakayahan na makabili ng produkto
 - D. kakaunti ang naiipon sap era mula sa kita
5. Kapag pinag-uusapan ang pagkonsumo, bakit mas mainam na kunti lang ang utang?
 - A. walang naniningil kapag nakatanggap ng sahod
 - B. lumalaki ang ipon sa bangko
 - C. walang utang na kailangang bayaran
 - D. tumataas ang kakayahang kumonsumo
6. Paano nakakaapekto ang kalamidad sa pagtaas ng konsumo?
 - A. nagkakaroon ng kakulangan sa *supply* ng produkto
 - B. hindi na nakakabili ang mga tao sa pamilihan
 - C. nagsasara ang mga malalaking tindahan
 - D. inuuna ng mga tao ang kanilang tirahan

7. Sino ang may akda ng aklat na, “*The General Theory of Employment, Interest, and Money*” na inilathala noong 1936?
 - A. Antonio Abatemarco
 - B. John Maynard Keynes
 - C. Frank Ackerman
 - D. Sandra Andraszewicz

8. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga nakasaad sa aklat na pinamagatang “*The General Theory of Employment, Interest, and Money*” na inilathala noong 1936 MALIBAN sa:
 - A. malaki ang epekto ng kita sa konsumo
 - B. kapag lumalaki ang kita lumalaki din ang kakayahang kumonsumo
 - C. kapag lumiliit ang kita lumiliit din ang kakayahan kumonsumo
 - D. ang ekonomiya ay nakabatay sa kita ng mga tao sa lipunan

9. Anong salik ang nakakaapekto sa pagkonsumo na kinabibilangan ng mga anunsiyo sa radyo, telebisyon, pahayagan, at maging sa *internet* at iba pang *social media*?
 - A. *demonstration effect*
 - B. kita
 - C. mga inaasahan
 - D. pagkakautang

10. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng mga inaasahan na kabilang sa mga salik na nakakaapekto sa pagkonsumo?
 - A. araw ng eleksyon
 - B. kaarawan
 - C. kalamidad
 - D. palabas sa telebisyon

Aralin 5


Mga Salik na Nakakaapekto sa Pagkonsumo



Balikan

Gawain 1: *Concept Mapping*

Panuto: Nakasulat sa kahon na sa nasa gitna ng *graphic organizer* ang salitang **pagkonsumo**. Nakakabit dito ang mga blankong kahon. Isulat sa mga blankong kahon na ito ang mga salita o lupon ng mga salita na may kinalaman sa **pagkonsumo**. Matapos ito ay gamitin ang mga salita o lupon ng mga salita na inilagay sa kahon upang makabuo ng sariling pagpapakahulugan sa salitang **pagkonsumo** batay sa iyong natutunan sa naunang aralin. Gawin ang mga ito sa sagutang papel.



Ang pagkonsumo ay _____

Pamprosesong Tanong:

Panuto: Batay sa binuong *concept map*, sagutin ang mga pamprosesong tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang naging mga batayan mo upang matukoy ang mga salitang inilagay mo sa mga kahon?
2. Anong paraan ang iyong ginamit upang mabuo ang kahulugan ng pagkonsumo?
3. Paano nakatulong ang naunang modyul sa pagtukoy mo sa mga naging tugon mo sa gawain?
4. Paano kaya makakatulong ang iyong pagpapakahulugan sa salitang pagkonsumo sa pagtalakay sa mga salik na nakakaapekto dito?



Tuklasin

Gawain 2: Isip-isip

Panuto: Nakalagay sa ibaba ang tatlong sitwasyon na maaring mangyari sa iyo kung saan kinakailangan mong magdesisyon kung ano ang dapat mong bilhin. Sa bawat sitwasyon, punan ang bawat kahon upang mabuo ang konsepto.

	Sitwasyon 1	Sitwasyon 2	Sitwasyon 3
	Kaarawan mo sa susunod na araw	Pasukan na sa susunod na buwan	Magkakaroon ng <i>lockdown</i> dahil sa isang pandemya
Anu-ano ang iyong bibilhin?	<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>	<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>	<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>
Anu-ano isinaalang-alang mo sa mga bibilhin mo?	<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>	<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>	<hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/>



Suriin

Sa parteng ito ng modyul ay iyong lilinganin ang mga kaisipan/kaalamang tutulong sa iyo upang higit na maintindihan ang paksang-aralin. Dito tinitiyak na ikaw ay maihahanda upang tiyak ang mga pang-unawa sa mga impormasyong kinakailangan malinang. Sa bahaging ito ay magkakaroon ka ng mahahalagang ideya tungkol sa iba't ibang salik na nakakaapekto sa pagkonsumo. Inaasahang magagabayan ka ng mga inihandang babasahin at gawain upang iyong masuri ang mga salik na ito. Halika at umpisahan na ang masayang pagbabasa at pang-unawa sa paksa.

Mga Salik na Nakakaapekto sa Pagkonsumo

May iba't ibang salik na nakakaapekto sa pagkonsumo ng isang tao. Ang pagkakaiba ng mga katangian ng mga salik na ito ang dahilan kung bakit nagkakaiba din ang paraan ng pagkonsumo ng mga mamamayan. Sa ibaba ay mababasa ang ilan sa mga salik na nakakaapekto sa pagkonsumo ng isang tao.

Pagbabago ng presyo – may pagkakataon na nagiging motibasyon ang presyo ng produkto o serbisyo sa pagkonsumo ng isang tao. Kalimitan, mas mataas ang pagkonsumo kung mababa ang presyo samantalang mababa ang pagkonsumo kapag mataas ang presyo. Kadalasan, mas tinatangkilik ng mga mamimili ang produkto o serbisyo kapag mura dahil mas marami silang mabibili. Samantala, kaunti naman ang kanilang binibili kung mataas ang presyo nito. Isang mahalagang halimbawa nito ay ang presyo ng gasolina na madalas tumataas o bumababa ang presyo. Kapag mababa ang presyo nito ay bumibili ng maramihan ang mga motorista. Sa kabilang banda naman, kapag mataas ang presyo ay kunti o naayon ng sa konsumo ang binibili nila.

Kita - nagdidikta rin ang kita paraan ng pagkonsumo ng isang tao. Ayon kay John Maynard Keynes, isang ekonomistang British, sa kanyang aklat na *“The General Theory of Employment, Interest, and Money”* na inilathala noong 1936, malaki ang kaugnayan ng kita ng tao sa kanyang pagkonsumo. Ayon sa kaniya, habang lumalaki ang kita ng tao ay lumalaki rin ang kaniyang kakayahan na kumonsumo ng mga produkto at serbisyo. Sa kabilang banda, ang pagbaba ng kita ay nangangahulugan ng pagbaba ng kakayahang kumonsumo. Kaya naman, mapapansin na mas maraming pinamimili ang mga taong may malalaking kita kung ihahambing sa mga taong may mababang kita lamang.

Mga Inaasahan - ang mga inaasahang mangyayari sa hinaharap ay nakakaapekto sa pagkonsumo sa kasalukuyan. Halimbawa, kung inaasahan ng mga tao na magkakaroon ng kakulangan sa suplay ng produkto dahil sa kalamidad, tataas ang pagkonsumo nito sa kasalukuyang panahon bilang paghahanda sa pangangailangan sa hinaharap. Gayundin naman kapag may banta ng kaguluhan sa isang lugar o may inaasahang pagkakagastusan sa hinaharap. Ang mga tao ay pinipilit na huwag munang gastusin ang salapi at binabawasan ang pagkonsumo upang mapaghandaan ang mangyayari sa mga susunod na araw o panahon. Kung positibo o maganda naman ang pananaw sa hinaharap, maaga pa sa inaasahan ay tumataas na ang pagkonsumo kahit hindi pa natatanggap ang inaasahang salapi tulad ng pagtanggap ng bonus at iba pang insentibo.


Pagkakautang – kapag maraming utang na dapat bayaran ang isang tao, maaaring maglaan siya ng bahagi ng kaniyang salapi upang ipambayad dito. Ito ay magdudulot ng pagbaba sa kaniyang pagkonsumo dahil nabawasan ang kaniyang kakayahan na makabili ng produkto o serbisyo. Tataas naman ang kakayahan niyang kumonsumo kapag kaunti na lamang ang binabayaran niyang utang.

Demonstration Effect – madaling maimpluwensiyahan ang tao ng mga anunsiyo sa radyo, telebisyon, pahayagan, at maging sa *internet* at iba pang *social media*. Ginagaya ng mga tao ang kanilang nakikita, naririnig, at napapanood sa iba't ibang uri ng *media* kaya naman tumataas ang pagkonsumo dahil sa nasabing salik. Ang mga taong hindi naman naiimpluwensiyahan ng nabanggit ay may mababang pagkonsumo lalo na sa mga bagay na uso at napapanahon lamang. Isang halimbawa nito ay ang pag-eendorso ng BTS, isang grupo ng Koreanong mang-aawit (KPop) sa isang kilalang *foodchain*. Sa isang araw pa lamang na pagpapalabas ng naturang produkto ay ilang milyon na ang naibenta dahil sa kasikatan ng naturang KPop *group*.

Pamprosesong Tanong:

Panuto: Batay sa nabasang teksto, sagutin ang mga pamprosesong tanong sa ibaba gamit ang sagutang papel.


1. Bakit may iba't ibang salik na nakakaapekto sa pagkonsumo ng tao?
2. Bakit nagkakaiba-iba din ang mga salik na mayroon ang bawat indibidwal?
3. Batay sa iyong sariling pag-unawa, ano ang pinakamatimbang na salik sa pagkonsumo?
4. Alin sa mga salik ng pagkonsumo ang naranasan mo na? Sa papaanong pagkakataon mo ito naranasan?



Pagyamanin

Gawain 3. Concept Map: Pagbuo ng Konsepto

Panuto: Ang *Concept Map* sa susunod na pahina ay nagpapahiwatig sa ugnayan ng pagkonsumo sa iba't ibang salik. Batay sa binasang teksto, buuin ang *Concept Map* tungkol sa mga salik na ito. Pagkatapos nito ay sagutin ang mga pamprosesong tanong sa sagutang papel.




Pamprosesong Tanong:

Panuto: Batay sa ginawang gawain, sagutin ang mga pamprosesong tanong sa ibaba gamit ang sagutang papel.

1. Ano-ano ang mga naging batayan mo sa pagbuo sa *Concept Map*?
2. Batay sa presentasyon ng diagram, bakit kaya nakakabit ang maliliit na kahon sa pinaka-sentrong kahon?
3. Anu-ano kaya ang dahilan sa pagsasaalang-alang nga mga bagay na ito bilang salik na nakakaapekto sa pagkonsumo? Pangatwiran ang sagot.


Gawain 4. Isaayos mo!

Panuto: Batay sa mga naging sagot mo sa naunang gawain, isaayos ang mga ito ayon sa iyong pinaniniwalaan na siyang pinamahalagang salik na kinakailangan isaalang-alang sa pagkonsumo. Isaayos ang mga ito mula sa itaas bilang pinakamahalaga at pinakababa bilang panghuli sa halaga.



Gawain 5. Itala Mo! Salik Mo!

Panuto: Hindi maitatangi na ang pandemyang COVID-19 ay malaki ang naging epekto sa ekonomiya ng maraming bansa sa buong mundo, kabilang na ang Pilipinas. Ibig sabihin nito ay naapektuhan din ang pagkonsumo ng tao. Sa panahong ganito, anu-ano ang mga pangunahing konsumo na inyong isinaalang-alang? Anu-ano din ang mga salik na nakaapekto sa naturang desisyon ng inyong pamilya? Sagutin ang mga ito gamit sa pamamagitan ng pagbuo sa *graphic organizer* sa ibaba.



Source: <https://pixabay.com/fi/illustrations/opettaja-lehtori-luento-nainen-3836864/>

Pamprosesong Tanong:


Panuto: Batay sa ginawang gawain, sagutin ang mga pamprosesong tanong sa ibaba gamit ang sagutang papel.


1. Ano-ano ang mga naging basehan mo sa pagsagot?
2. Sa iyong palagay, nakaapekto ba ang kalagayan ng bansa sa uri ng pagkonsumo mayroon kayo sa pamilya?
3. Anu-ano ang isinaalang-alang mo sa pagtugon sa mga salik ng pagkonsumo?



Isaisip

Ang *graphic organizer* sa ibaba ay nagsasaad ng mga mahahalagang kaalaman na dapat tandaan tungkol sa paksang-aralin.








Isagawa

Gawain 6. *Head, Heart, Hands* (3H)

Panuto: Sa gawain na ito ay susubukin ang iyong nalalaman at nauunawaan sa mga nabasa at iba pang Gawain na sumubok at sinagot mo. Buuin ang tsart sa ibaba sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong na makikita sa bawat kahon.

 <i>Head</i>	 <i>Heart</i>	 <i>Hands</i>
Anong konsepto ang natutunan ko?	Anong mga aral o pagpapahalaga ang nakuha ko?	Paano ko magagamit ang aking natutunan sa totoong buhay?



Tayahin

Panghuling Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang tamang titik na tumutukoy sa tumpak na kasagutan. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.


1. Alin sa mga sumusunod ang dahilang kung bakit nagkakaiba ang paraan at dahilan ng pagkonsumo?
 - A. maraming kalagayan ang isinasaalang-alang
 - B. magkakaiba ang katangian ng mga nakakaapekto dito
 - C. magkakaiba ang pangangailangan ng tao
 - D. hindi tiyak an gang pangyayari sa lipunan
2. Sa pagbabago ng presyo, sa anong pagkakataon tumataas ang pagkonsumo?
 - A. kukunti ang suplay
 - B. marami ang suplay
 - C. mataas ang presyo
 - D. mababa ang presyo
3. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita na walang epekto ang *demonstration effect* sa tao?
 - A. hindi sumusunod sa uso
 - B. nahuhumaling sa suot ng mga artista
 - C. binibili ang mga napapanahong gamit
 - D. suportado ang mga ini-endorso nga paboritong artista
4. Paano naapektuhan ng pagkakaroon ng utang ang pagkonsumo ng tao?
 - A. lumulubo ang kanyang utang kapag hindi nababayaran
 - B. tumataas ang kanyang kakayahang makabili ng produkto
 - C. nababawasan ang kanyang kakayahan na makabili ng produkto
 - D. kakaunti ang naiipon na pera mula sa kita
5. Kapag pinag-uusapan ang pagkonsumo, bakit mas mainam na kunti lang ang utang?
 - A. walang naniningil kapag nakatanggap ng sahod
 - B. lumalaki ang ipon sa bangko
 - C. walang utang na kailangang bayaran
 - D. tumataas ang kakayahang kumonsumo
6. Paano nakakaapekto ang kalamidad sa pagtaas ng konsumo?
 - A. nagkakaroon ng kakulangan sa *supply* ng produkto
 - B. hindi na nakakabili ang mga tao sa pamilihan
 - C. nagsasara ang mga malalaking tindahan
 - D. inuuna ng mga tao ang kanilang tirahan

7. Sino sa sumusunod na mga manunulat at ekonomista ang sumulat ng aklat na pinamagatang "*The General Theory of Employment, Interest, and Money*" na inilathala noong 1936?
 - A. Antonio Abatemarco
 - B. John Maynard Keynes
 - C. Frank Ackerman
 - D. Sandra Andraszewicz

8. Ang sumusunod ay ilan sa mga nakasaad sa aklat na pinamagatang "*The General Theory of Employment, Interest, and Money*" na inilathala noong 1936 MALIBAN sa:
 - A. malaki ang epekto ng kita sa konsumo
 - B. kapag lumalaki ang kita lumalaki din ang kakayahang kumonsumo
 - C. kapag lumiliit ang kita lumiliit din ang kakayahan kumonsumo
 - D. ang ekonomiya ay nakabatay sa kita ng mga tao sa lipunan

9. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa mga nabanggit ng pinagmumulan ng *demonstration effect*?
 - A. *billboards*
 - B. internet
 - C. pahayagan
 - D. radyo

10. Ang mga sumusunod ay HINDI kabilang sa mga salik na nakakaapekto sa pagkonsumo MALIBAN sa:
 - A. araw ng eleksyon
 - B. kaarawan
 - C. kalamidad
 - D. palabas sa telebisyon



Karagdagang Gawain

Gawain 7. Campaign Poster-making

Panuto: Isa sa malaking suliranin na kinakaharap ng lipunan ay ang kawalan ng trabaho o kita ng mga mamamayan na siya ring ugat ng kahirapan. Mapapansin din na bagamat hindi sapat ang kita, marami sa mga tao sa kasalukuyan ang kulang sa *financial literacy* kaya ang pagkonsumo nila ay lagpas na sa kanilang pinansiyal na kapasidad. Bilang isang kabataang mulat sa ganitong katotohanan, marami kang magagawa upang makatulong na maibsan ito kahit sa simpleng paraan. Isa na rito ang paggawa ng *campaign poster* na bahagi ng adbokasiyang turuan at imulat ang mga kabataang tulad mo pati na ang mga mamamayan sa inyong lugar sa wastong pamamahala ng kanilang konsumo at pinansiyal na kapasidad. Bilang bahagi ng huling gawain sa modyul na ito, ikaw ay gagawa ng *campaign poster* na nagpapakita na kamalayan sa pagkonsumo at pamamahala sa pinansiyal na kapasidad. Ang *campaign poster* na ito ay maaring *drawing, essay, slogan, collage, My Pledge of Expenses*, tula, o larawan. Sundin ang tiyak na patnubay at rubric sa susunod na pahina:

1. Gumamit ng matibay na materyal (e.g. *cardboard, illustration board*) na hindi madaling masira.
2. Ang *campaign poster* ay dapat parisukat na may isang metro ang lapad sa bawat sulok.
3. Kung gagamit ng materyal na maaring mabasa, lagyan ito ng balot o *cover* na hindi nababasa.

RUBRIK sa Pamantayan ng Pagmamarka

Mga Pamantayan	Napakahusay (15pts)	Mahusay (10pts)	Hindi Gaanong Mahusay (5pts)
Nilalaman	Ang nilalaman ay napaka-akma sa tema o layunin ng gawain.	Ang nilalaman ay akma sa tema o layunin ng gawain.	Ang nilalaman ay hingi gaanong akma sa tema o layunin ng gawain.
Mensahe	Ang mensahe ng proyekto ay labis na naayon sa tema o layunin ng gawain.	Ang mensahe ng proyekto ay naayon sa tema o layunin ng gawain.	Ang mensahe ng proyekto ay hindi gaanong naayon sa tema o layunin ng gawain.

Pagkakabuo	Ang lahat ng bahagi ng proyekto ay napakahusay ang pagkakabuo.	May iilang bahagi ng proyekto na hindi mahusay ang pagkakabuo.	Maraming bahagi ng proyekto ang hindi gaanong mahusay ang pagkakabuo.
Tibay	Ang <i>campaign poster</i> ay napakatibay ang pagkakagawa.	Ang <i>campaign poster</i> ay matibay ang pagkakagawa ngunit may posibilidad na masira parin.	Ang <i>campaign poster</i> ay hindi gaanong matibay ang pagkakagawa at madaling masira.
Ganda	Napakaganda ng kinalabasan ng <i>campaign poster</i> . Lubhang kaaya-ayang tingnan ang <i>campaign poster</i> .	Maganda ang nabuong <i>campaign poster</i> . Kaaya-aya tingnan ang <i>campaign poster</i> .	Hindi gaanong maganda ang nabuong <i>campaign poster</i> . May bahaging hindi kaaya-ayang tingnan sa <i>campaign poster</i> .



Susi sa Pagwawasto

Panang Pagtataya

1.B
2.C
3.A
4.C
5.D
6.A
7.B
8.D
9.A
10.C

Surtin

Pamprosesong Tanong:
Magkakaiba ang mga
sagot ng mga mag-
aaraal.

Pagpamamain

Gawain 5. Itala Moi
Salik Moi
Magkakaiba ang mga
sagot ng mga mag-
aaraal.

Balikan Natin

Gawain 1: Concept
Mapping:
Magkakaiba ang mga
sagot ng mga mag-
aaraal.

Tuklasin

Gawain 2: Isip-isip
Magkakaiba ang mga
sagot ng mga mag-
aaraal.

Pagpamamain

Gawain 3. Concept Map: Pagbuo ng Konsepto

Maaring magkakaiba ang mga sagot ng mga mag-aaraal.

```

    graph TD
      A((MGA SALIK NA NAKAKAPER TO SA PAHONSUM O)) --> B(Pagbabago ng Presyo)
      A --> C(Mga Inasahan)
      A --> D(Mga Inasahan)
      A --> E(Kita)
      A --> F(Demonstration Effect)
  
```

Pagpamamain

Gawain 4. Isayos Moi
Magkakaiba ang mga
sagot ng mga mag-
aaraal.

Isagawa

Gawain 6. Head, Heart,
Hands (3H)
Magkakaiba ang mga
sagot ng mga mag-
aaraal.

Panghuling Pagtataya

1.B
2.D
3.A
4.C
5.D
6.A
7.B
8.D
9.A
10.C

Mga Sanggunian

“[Glove hand].” Image. <https://www.pngfuel.com/free-png/rpocj>.

“Human-brain.” Image. Published April 8, 2010.
<https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Human-brain.SVG>.

Baltazar, Alvin. “Epekto ng COVID-19 sa ekonomiya ng bansa, matindi na — DOF.” April 2020. [Radyo Pilipinas Uno | National](#).

Busing, Martiniano, Balitao, Bernard, De Guzman, Apollo., Lumibao, Juanito, Mateo, Alex, and Mondejar, Irene. *Ekonomiks: Araling panlipunan modyul para sa mag-aaral*, 1st ed. Philippines: Vibal Group, Inc., 2015.

Keynes, John Maynard. *The general theory of employment, interest, and money*. New York City: Springer, 2018.

Phillips, Jon. “Heart left-highlight.” Image.
https://de.wikipedia.org/wiki/Datei:Heart_left-highlight_jon_01.svg.

Pinterastudio. “[Teacher].”
Image. <https://pixabay.com/fi/illustrations/opettaja-lehtori-luento-nainen-3836864/>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph *